

KIAN Kumusta Kawasaki



KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koryano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

「ika-32 Pagtatanghal ng Kawasaki Folk Performing Art」

Ang Kawasaki folk performing art ay magtatanghal ng makulay at mayamang palabas sa loob ng Siyudad ng Kawasaki. Kabilang dito ang [Suge no Shishimai] ng Kanagawa at ng [Hayashi kyoku mochi]. Ang tatanghaling Leon at Dragon dance ay kaugalian at kultura mula pa noong sinauna.

Kailan: ika-7 ng Marso (Linggo) alas 10 ng umaga hanggang alas 4 ng hapon.

Lugar: JR Nambu Line (Musashi Nakahara) Epoch Nakahara Libreng Entrans.

Katanungan: Kyoiku Iin kai Bunka zaika Tel:044-200-3305 Fax:044-200-3756



Sistemang Housing Assistance sa Kawasaki

Sa Siyudad ng Kawasaki, kung saan ang mga residenteng dayuhan ay nahihirapang mangupahan ng bahay sa kadahilanang wala silang mahanapang garantor. Ang siyudad ng Kawasaki ay may sistemang suporta para dito, Ang paggamit ng sistemang ito ay nakakatulong sa mga dayuhang nais mangupahan ngunit walang mahanapang tagapanagot (guarantor) Ang hindi pagbabayad sa oras, pagrereporma at iba pang problemang pampinansyal ay gagarantiyahan ng tanggapang tagapanagot. Upang magamit ito, babayaran ang tanggapan ng tagapanagot ng 35 porsiyento ng buwanang renta ng bahay para sa kontratang pang 2 taon. Kailangan ding maging miyembro ng seguro para sa bahay. Upang malaman ang mga real estates na may kinalaman sa sistemang ito, tumawag sa “Kawasaki Machi dukuri kyoku Jutaku keibika (044-200-2997, Fax:044-200-3970. Bukod dito, pwede ring tumawag sa Kawasaki International Association. 044-435-7000.




Eksibisyon sa Shimin Museum

{Ang nakatraang pamumuhay, Ang kasalukuyan 2010} ang pamagat ng eksibisyong matutunghayan sa Kawasaki Shimin Museum. Mula umpisa ng “genshikodai” hanggang sa kasalukuyan, makikita ang pagbabago ng pamumuhay, pati na ang mga kagamitang gamit noong unag panahon. Kung tutuusin, ang mga bagay na ito ay maaaring isang katanungan para sa mga kabataan ngayon, kung ano ang mga bagay na ito, paano ang gamit nito atbpa. May mga bagaydin na hindi man lang nagbago sa ayos o anyo nito.

Inaanyayahan ang lahat na manood nito libre po ang entrans at magtatapos nitong ika-4 ng Abril.

**LIBRENG PAGPAPAYO PARA SA MGA DAYUHAN
SA KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION**

Iskedyul ng Konsultasyon 『10:00 ~ 12:00 13:00 ~ 16:00』
 Tagalog Martes at Miyerkoles Tinatanggap din ang konsultasyon sa
 Espanyol Martes at Miyerkoles wikang hapon
 Koryano Martes at Huwebes *Libreng Konsultasyon sa Gyouseishoshi
 Ingles Lunes ~ Sabado *Abri! 18th, 2010*
 Intsik Martes, Miyerkoles at Biyernes 2F Kawasaki International Center
 Portugis Martes at Biyernes



Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki 044-435-7000

Impormasyon sa iba't ibang wika

[Para sa mga dayuhang naninirahan sa siyudad ng Kawasaki] alam ba ninyo ang multi-lingwal na impormasyong ito? Ito ay listahan ng mga tanggapan ng pamahalaan kung saan ang mga bagong lipat sa Siyudad ng Kawasaki ay makakatawag sa oras na may problema o katanungan. Ito ay may serye sa wikang hapon kung saan ito ay nakasulat sa hiragana, sa Ingles, Intsik, Koryano, Portugal, Espanyol, Tagalog at Rosya. Ang [Para sa mga dayuhan] ay makukuha sa tanggapan ng pagpaparehistro ng Alien Card Certificate at sa home page ng Kawasaki City Foreign Representative Assembly. Sa Ward office naman ay nagbibigay ng [Kawasaki Seikatsu Guide] Bagama't ito ay nasa wikang nihonggo, nakalahad dito ang mga importanteng telepono at may pahina na para sa mga dayuhan.

Pagbubukas ng Yokosuka Line sa Musashi Kosugi

Ang Bagong JR Yokosuka line ay ipagdiriwang sa pagbubukas nito sa pamamagitan ng live, performances, games and events.

Oras: ika-13 ng Marso (Sabado 11:30~15:30)

Lugar: JR yokosuka Line Musashi Kosugi New Station (Nakahara-ku)

Tel: 044-722-8335



Pag-aaral ng Ingles at Intsik para sa bata

Maglaro tayo kasama ang dayuhang guro!!

Pangalan ng klase	Oras	Edad ng bata	Guro	Bayad
Ingles pambata A (3 beses)	9:50~10:50	grade 1,2	ERIC BUSQUE	3000 yen
Ingles pambata B (3 beses)	11:00~12:00	grade 3,4	Canada · Guro ng Ingles	Kasama na ang print
Intsik pambata (3 beses)	13:00~14:00	5 taon ~ 8 taon	LI HUI	outs

Pag-aaplay ng pabahay

Ano: Seminar tungkol sa pagsusulat ng application form para sa pag-aaplay ng pabahay ng gobyerno.

Kailan: ika- 30 ng Mayo (Linggo) 1:30 ~ 4:00

Saan: Kawasaki International Center (Tokyu Toyoko Line/Mguro Line Motosumiyoshi station)

Mga dapat Dalhin: Dokumentong naglalahat ng shod sa nakaraang taon (gensen choshusho etc)

Ilang katao: 20 katao (magpa-reserba hanggang ika-18 ng Mayo)

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center 2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 E-mail: kiankawasaki@kian.or.jp HP URL: http://www.kian.or.jp/